# BUWANANG BENEPISYO PARA SA MAY KAPANSANAN

## Ano ito?

Ito ay isang kabuuan ng pera na dapat hilingin, magagamit ito para sa paaralan at panlipunang pakikisama ng mga bata/kabataan na may kapansanan hanggang sa edad na 18.
Para sa 2023 ang halaga ay **313,91 euro** bawat buwan.

## Sino ang maaring makakuha ng benepisyo?

**Mga batang wala pang 18 taon** na may patuloy na kapansanan.

- Mga mamamayang italyano
- Mga mamamayang dayuhan na EU na nakarehistro sa munisipyo ng tinitirahan
- Mga dayuhang mamamayan na hindi EU na may permit sa paninirahan nang hindi bababa sa isang taon.

Para sa karagdagang impormasyon kumonsulta sa website ng INPS:

" https://www.inps.it/prestazioni-servizi/indennita-mensile-di-frequenza

## Paano mo gagawin ito?

**1.**
ANG MEDICO DI BASE/PEDIATRICIAN ang magsusulat online ng kanilang **unang medikal na sertipiko** at ipadadala ito sa INPS, ito ay naglalaman ng personal na data, tax code, ang kapansanan at ang kaugnay na diagnosis.

Ibibigay ng doktor sa magulang

- Ang buong resibo ng **natatanging numero** ng sertipiko sa na-activate na pamamaraan
- Ang kopya ng **orihinal na medikal na sertipiko** na dapat dalhin ng magulang sa medikal na pagsusuri

**2.**
Ipadadala ng magulang ang aplikasyon na nagpapatunay ng kalusugan sa pamamagitan ng mga online na serbisyo ng portal ng INPS o kaya ay sa CAF patronato.

**3.**
Ang magulang ay makakatanggap ng komunikasyon mula sa INPS kung saan ibinibigay ang appointment para sa medical check-up

Ang pagsusuri ay isinasagawa ng **Komisyon na medico-legal** sa ASL, kasama ang isang doktor ng INPS at ito ay kinakailangan upang tiyakin ang karapatan para sa benepisyo ng may kapansanan.

Sa araw ngcheck-up, dapat na ibigay ng magulang sa Komisyon ang isang kopya ng isang balidong dokumento ng pagkakakilanlan at ang **dokumentasyong pangkalusugan**.

Sa araw ng check-up ang interesado ay maaaring magpasama sa kanyang pinagkakatiwalaang doktor.

**4.**
Isusulat ng Komisyon sa elektronikong format ang **resulta ng medical check-up**, na ipadadala sa inyo sa pamamagitan ng rehistradong koreo o sa PEC address.

**5.**
Kung kikilalanin ng komisyon ang pagkakaroon ng kapansanan, ang magulang ng bata ay maaaring magpatuloy sa kahilingan para sa **buwanang benepisyo** sulatan ang modulo AP70, sa pamamagitan ng mga online na serbisyo ng portal ng INPS. O kaya ay maaring mag-apply sa mga CAF patronato.

SISTEMA SANITARIO REGIONALE ASL ROMA 1 · REGIONE LAZIO · AITNE ASSOCIAZIONE ITALIANA TERAPISTI DELLA NEURO E PSICOMOTRICITÀ DELL'ETÀ EVOLUTIVA